

1

“I’ve missed you so much, handsome!” galak na bulalas ni Bienne habang mahigpit na nakayapos sa piyanistang si Marrius De Guia, ang ideal man niya. Guwapo ito, responsible, talented at mapagmahal. Iyon ay ilan lang sa mga katangian nito at siyang kino-consider niyang must-have sa lalaking kanyang mamahalin.

Fifteen years old pa lang siya ay ideal man na niya ito. Ito ang may-ari ng *De Guia Farm* kung saan katiwala ang kanyang amang si Leo. At nagdalaga siya na tila sidekick nito—at ang pinakapaborito nilang laro, magpustahan! Ang anumang bagay na gusto nitong ibigay sa kanya ay idinadaan nito sa pustahan at lagi na ay game siya.

Siguro dahil naitanim na ni Bienne sa isip na tulad nito ang lalaking nararapat mahalay ay hindi siya tumanggap ng manliligaw. Mas pinili niyang maging single dahil hindi niya makita sa mga lalaking iyon ang katangiang hinahanap niya.

“Kung ganoon naman pala, bakit hindi mo na lang pinikot ang Kuya Marrius mo noong hindi pa siya kasal kay Miss Lianne!” tungyaw ng best friend

niyang si May habang kumakain sila ng lunch sa KFC at ang recent pambabasted niya sa pinsan nito ang topic nila. Ang tinutukoy nitong ‘Miss Lianne’ ay ang idolo niyang romance novelist na siyang napangasawa ng Kuya Marrius niya. Sa katunayan, kasabwat pa nga siya noon ng piyanista sa mga pagpapa-cute nito sa una. At sa kasalukuyan, dalawa na ang anak ng mga ito—ang siyam na taong gulang na si Elle at ang bunsong si JM o John Marrius na apat na taong gulang pa lamang.

“Little sister lang talaga ako para sa kanya, sis. Then and now, he loves me like family.”

“Pati tono mo, bitter, bruha!” tawa pa ni May. Nakitawa na rin siya.

Mayamaya ay sumeryoso siya. “Ideal man ko siya, yeah. Pero wala rin naman akong romantic feeling sa kanya noon, eh. Kuya lang talaga ang tingin ko sa kanya at—”

“Sa madaling salita,” sansala ni May sa mariing tono, “hindi mo siya pinapantasya na nakahubad sa kalaliman ng gabi!”

“Exactly.” Sabay silang humalakhak at sabay rin nilang nahampas ang isa’t isa. Pinagtinginan sila ng mga kasabayang kumakain kaya pareho silang

nanahimik. “Pero tulad niya ang gusto kong pakasalan in the future, sis,” aniya ulit mayamaya.

“Fine, fine! Now, change the topic. Bakit ka naman nag-e-emote kanina sa phone?”

Nalukot bigla ang mukha ni Bienne nang maalala ang eksenang tinutukoy nito. Pagkalalim-lalim na buntong-hininga ang hinugot niya bago nagsalita sa mahinang tinig. “Reject na naman ang manuscript ko, eh. Ang sama ng loob ko...” Nangalumbaba siya sa mesa. Sinisikap niyang ituloy ang pangarap niya mula noong quince años lamang siya, ang maging katulad ng kanyang idolong si Lizette o Lianne Angeles, na isa sa mga hinahangaang manunulat ng prosa sa bansa ngayon. Subalit sunud-sunod na kabiguan lamang ang natamo niya. Sa katunayan, umabot na siya sa puntong gustung-gusto na niyang isuko ang pangarap pero paulit-ulit lamang siyang bumabalik roon. Siguro nga, tama ang sinasabi ng ilan na kung nasaan ang puso mo ay sundin na lang dahil doon ka lamang magiging masaya. At nasa pagsusulat talaga ang puso niya.

“Alam mo hanggang ngayon, hindi talaga kita maintindihan. Prosang romansa pala ang gusto mong pasukan, bakit BSBA pa ang kinuha mong course? At major in MIS, ha? ’Sabagay, uso nga pala ’yan

ngayon, 'yang wala sa kursong tinapos ang trabahong nakukuha. Tingnan mo nga tayo, naturingang BS in Business Administration graduates, pero 'asan tayo ngayon? Heto, English tutors ng mga Korean sa umaga, dance instructors sa gabi! Hay, buhay, oo!”

“Hay...” sang-ayon niya. Magtatatlong buwan na sila sa ganoong trabaho. Nitong nakaraang Marso lamang sila sabay na nagtapos. After graduation, sabay rin silang sumabak sa paghahanap ng trabaho. Dahil nga hilig nila pareho ang pagsayaw at pareho rin silang miyembro ng Performing Arts Club ng university, nang alukin silang maging part-time dance instructors ng isa sa mga professors nilang may-ari ng dance studio ay kaagad na nilang tinanggap ang trabaho. Malayo man iyon sa kanilang kurso ay sapat nang may pera silang naipapadala sa pamilyang nasa Zambales at nag-e-enjoy sila.

Pero nitong nakalipas na buwan, siguro dahil na rin sa sunud-sunod na manuscript rejections ni Bienne ay wala na siyang gana sa lahat. Ang bigat lagi ng pakiramdam niya at ayaw man niyang aminin sa sarili, she felt she was a failure. At masakit na masakit sa kalooban niya.

“I have to be someone, sis—for my father,” napabuntong-hiningang saad niya sa matamlay na

tono. “He expected so much from me, pero ano ako ngayon? Ni hindi ko nga magawang pagtagumpayan ang passion ko. I know I’m good at writing, pero bakit ganoon? ’Tapos ang editor’s comment pa, tagos hanggang buto, bababa to negative talaga ang confidence level mo.”

“Isa lang ang opinyon ko diyan, Bienne,” ani May. “Never give up your dreams. Lahat ng writers dumaan sa rejections. Kaya kung ’yan talaga ang gusto mong landas, harapin mo lahat nang buong tapang, huwag kang susuko!”

“Hay...” she sighed again. “Madalas nga akong nagkakamali sa pagtuturo ng sayaw this week, miserable talaga ang feeling ko, sis. I think I need to rest for a while. Para makaipon ulit ako ng lakas na sumulong...”

“So, you mean, balak mo nang ituloy ang pag-uwi mo ng Zambales?” Ilang segundo siyang hindi kumibo. Simula noong magkolehiyo siya sa Maynila ay madalang na siyang umuwi sa farm. Ginagawa niya lamang iyon kapag nababalitaan niyang umuwi sa Davao ang taong iniwasan niya roon. Dapat nga, tuwing semestral break ay naroon siya, pero mas pinipili niyang sa dorm na lamang maglagi habang nagtatrabaho ng part-time kaysa umuwi. Ang dahilan

niya: ang presence ni Redge De Guia, ang pinsan ng Kuya Marrius niya na isang expert agriculturist.

Sa loob kasi ng mga panahong nasa States sina Marrius at Lizette ay ito ang nagpapatakbo sa farm. And he hated her. Kung gaano kabait sa kanya ang pinsan nito ay ganoon naman ito ka-mean. Hindi niya alam kung bakit. Basta hindi niya matandaang naging nice ito sa kanya. Way back when she was fifteen, madalas ay nagkukulitan sila ni Marrius at tuwing kailangan nitong kausapin ang pinsan at nagkasalubong sila, malamig o kaya ay matalim lagi ang tingin nito.

That was why she did not like him, too. At lalo nang umigting ang disgusto niya rito nang masaktan siya sa dalawang pagkakataon, pero sa halip na i-comfort siya katulad ng madalas gawin ni Marrius ay katakut-takot na sermon pa ang inabot niya.

Unang nangyari iyon nang sakyan niya ang stallion na si Bullet. Dahil ang piyanista lamang ang kinikilala nitong amo, naihulog siya nito at nasaksihan ni Redge ang mga pangyayari. Tinulungan siya nito, oo, pero kulang na lang ay pilipitin nito ang leeg niya sa galit. Sangkatutak na sermon ang inabot ni Bienne hanggang sa napaiyak na lamang siya, lalo pa at ito ang kinampihan ng tatay niya.

Ang ikalawang pagkakataon ay ang kamuntik

na niyang pagkalunod sa ilog kung saan siya lumangoy mag-isa. Pinulikat siya eksaktong nasa pinakamalalim na bahagi siya ng ilog. Nakainom na siya ng tubig-ilog nang dumating si Redge. Hindi niya man alam kung paano nitong nalaman na naroon siya ay ipinagpapasalamat niya. Dahil kung hindi ito dumating, malamang hindi na siya umabot sa edad niya ngayon.

Tandang-tanda niya kung paano siya yumapos nang mahigpit sa binata noon habang nanginginig sa takot. She had clung to him tightly as if he was his lifeline. Umiyak pa siya sa takot. Hinayaan siya nito nang ilang sandali. Ang inaasahan niya, palalampasin nito ang pagkakataong iyon at hindi ito magsusungit dahil sa sinapit niya. Pero mali siya. Nang panatag na siya ay halos magbuga ng apoy ang mga mata nito sa galit. Pinagalitan siya nito nang todo hanggang sa napahagulhol na lamang siya.

Nang tangkain niyang lumayo ay marahas nitong pinigil ang bisig niya, sapilitan siyang isinakay sa kabayong sinakyan nito at inuwi siya. Pinatakbo nito nang mabilis ang hayop habang yakap ang basang-basa niyang katawan.

Kaya naman, umuuwi lamang siya ng farm kapag nasa Davao ang lalaki, o kaya kapag umuwi mula sa

Amerika ang buong pamilya ni Marrius.

Nagdalaga siyang iniawasan si Redge De Guia.

At ngayon, perfect timing ang pag-uwi niya sa farm dahil bumalik na ang Kuya Marrius niya at ang pamilya nito. And this time, it was for good. Kaya naman, magaan ang pakiramdam niyang magbiyahe pauwi.

Nang mainit siya nitong salubungin ng yakap, naisip niyang tama lamang na roon niya napiling mag-unwind. It was good to be home.

Yes. Back home...

“Wow, Bienne! Ikaw na ba ’yan?” galak na bulalas ni Lizette nang salubungin siya nito sa sala ng ancestral house, that has turned into an ancestral mansion dahil sa renovation na ipinagawa ni Marrius ilang buwan matapos ang kasal nito at ni Lizette.

“Yup. Pretty and kicking!” masiglang tugon niya at mahigpit din itong niyapos katulad ng pagsalubong niya kay Marrius kanina. “How’s States, idol?”

“Mga ’Kano pa rin ang nakatira,” tugon nitong tumatawa.

“Dapat nagsilid ka ng isa sa maleta, Ate Lizette!”

“Hindi kasya, hija!” Nagkatawanan sila. Mayamaya ay hinagod nito ng tingin ang kabuuan niya. “Look at you, dalagang-dalaga ka na talaga!”

“At magandang dalaga,” proud na dugtong ng isang tinig mula sa likuran nila. Nakangiti ang mahal niyang ama na mukhang galing sa kusina.

“Tay...” Iniwang niya si Lizette para yakapin ang ama.

“Mabuti naman at dito ka umuwi kaysa nagbabakasyon ka sa kung saan-saan.”

“Tay naman,” lambing niya, “kadarating ko lang magsesermon na kayo...”

Napangiti si Lizette. Mayamaya ay dumating sa sala si Marrius niya kasama ang dalawa nitong anak.

“Akyat na, sweetheart,” anito sa asawa. “Saka na ang balitaan pagkatapos ninyong magpahinga.” Kadarating din lang kasi ng mga ito; nauna lang ng isang oras sa kanya.

Kinindatan siya ng batang ginang. “Let’s talk ’bout your manuscripts later,” huling sinabi nito bago sumunod sa mister.

Napangiwi si Bienne. Mukhang nasabi na rito ni Marrius ang kalbaryong pinagdadaanan niya. Naibahagi niya kasi sa huli ang tungkol doon. Nakakahiya. Ang sabi pa naman niya sa idol niya noon, tutularan niya ang husay nito, pero heto siya... wala ni isang aprubadong manuscript! *Ansaklap!*

Tuloy ay parang gusto na niyang maniwala sa kaibigang si May. Na nobyo raw ang kailangan niya para maging epektibo siya sa pagsusulat ng romance novel. Ayon pa rito, kailangan umanong inspired siya, at lalaki ang suhestyon nitong solusyon. Kailangan daw maging makatotohanan ang mga eksena at magagawa niya lamang iyon kung magsusulat siya base sa sarili niyang karanasan. Kumbaga, buhay ang kilig kung siya mismo ang nakaranas niyon.

Mariin ang pagtangga ni Bienne. Katuwiran niya, maraming manunulat na single at sikat. Buhay na patunay si Lizette na sikat na sikat na noon bago pa man nakilala ang Kuya Marrius niya. Hindi niya kailangan ng nobyo para maging magaling sa karerang iyon. Mas tamang sabihin na lakas ng loob ang kailangan niya ngayon—lakas ng loob na ituloy ang pangarap kahit nawawalan na siya ng pag-asa.

“Tumuloy ka na sa kusina at kumain, Bienne. Ako na ang magdadala ng mga gamit mo sa silid.”

Nginitian niya ang amang naggugol na halos ng buong buhay sa pagsisilbi sa mga De Guia. Ngayon ay nagretiro na ito sa mabigat na trabaho sa farm, pero tuloy pa rin ang buwanang sahod na natatanggap nito mula kay Marrius. Nagsilbing adviser na lamang ito ng mga magsasakang trabahante. Si Redge na ang umako sa lahat ng responsibilidad sa farm.

“Gutom na nga ho ako, 'Tay!” Mabibilis ang hakbang na nagtungo na siya sa kusina. Binati niya ang ilang kasambahay na naabutan niyang naroon. Mabilis din niyang tinapos ang pagkain. Gusto niyang sundan kaagad ang ama dahil may gusto siyang itanong at linawin dito. Iyon ang balitang pahapyaw ng naikuwento sa kanya ni Marrius sa telepono. Natatandaan niyang kinukumbinsi siya nitong umuwi sa farm dahil siya lamang daw ang nagbibigay ng sigla at buhay roon. Masaya raw kapag naroon siya.

At kailangan daw ni Redge ang isang tulad niya ngayon. Someone na masayahin, maingay at light-hearted, para raw malibang ang binata. Gusto niyang humalakhak nang mapakla sa tinuran ni Marrius. Imposible ang sinasabi nito. Hindi siya kailanman kakailanganin ni Redge De Guia!

“Tay?” tawag niya. Napalingon sa kanya ang ama. Nakaupo na ito sa kama at nanonood ng

telebisyon sa silid niya nang abutan niya.

“Ang paborito kong palabas,” anitong nakangiti.

Tumabi siya sa ama at nakipanood na rin. Sinamantala niya ang oras nang mag-commercial break.

“Tay, may naikuwento sa akin si Kuya Marrius,” simula niya. “T-totoo bang hindi natuloy ang engagement ni Redge sa Davao last week?” Sa pagkakakaalam niya, hacienderang tagaroon ang kasintahan nito. Arranged marriage, at ayon sa piyanista, gusto raw ni Redge ang babae. Pero sa mismong gabi ng engagement sa harap ng pamilya, mga kaibigan at media na naroon ay walang gatol umanong tumanggi ang dalaga sa nakatakandang kasal. Prangka nitong sinabi na hindi si Redge ang gusto nitong pakasalan kundi ang adopted brother nitong si Rayven.

At ano pa ba ang mas sasakit doon? Bienne was sure Redge’s ego was shattered into pieces. Wala na marahil itong mukhang maiharap sa mga kababayan kaya sa Zambales na lamang itinapon ang sarili.

Kaya sa pag-uwi niyang ito, inaasahan na niyang mas masamang Redge ang sasalubong sa kanya.

“Totoo,” maikling tugon ni Tatay Leo.

“Kumusta ho si Redge?” muli niyang tanong.

“Hindi mabuti.”

Napatitig siya sa ama. “Nag-attempt hong mag-suicide?”

“Hindi.”

“O, eh, ano ho ang ibig n’yong sabihing hindi mabuti?”

“Naalala mo si Sir Marrius noong umuwi rito matapos mamatay ang dati niyang nobya? Ano’ng anyo niya? Sobrang lungkot, walang sigla at para bang pasan ang daigdig, hindi ba?”

“Oho...”

“Kabaliktaran noon si Redge ngayon,”

“Ho? Paanong...?”

“Hindi mo makikitang malungkot si Redge. Lagi siyang nakatawa at maingay, parang walang anumang dinadala sa dibdib.”

“Ganoon naman pala, eh di, walang problema.”

“Mali ka, ’nak. Maniwala ka sa akin, ginagawa niya lamang ’yon—ang tumawa at magpakita ng panlabas na kasiglahan—para pagtakpan ang

talagang nasa loob niya.”

Natahimik si Bienne at napatitig sa ama. Hindi niya kailanman pinagdudahan ang wisdom nito. Hindi niya alam saan nanggaling ang bumangong pagnanais niya na makita si Redge. Nasaan kaya ito?

“Nasaan ho si Redge ngayon?”

“Nasa kubo mo yata. Naroon lagi ’yon at tiyak doon na rin ’yon matutulog.” Ang kubo na iyon ay ginawa ni Leo sa pamimilit niya. Nasa gitna iyon ng manggahan. Paborito niyang pahingahan iyon at paboritong bahagi ng farm. Sa katunayan, naroon halos ang kalahati ng mga koleksyon niya ng libro at mga lumang sketches—na kadalasan ay nature ang iginuguhit niya o hindi naman kaya ay si Leo, Ate Lizette niya at siyempre ang paborito niyang modelo na naiguhit na yata niya nang iba-iba ang suot, si Marrius.

“Naku, baka naman sinira na ni Redge ang mga gamit ko r’on, Tay, makakatikim siya sa akin. Huwag niyang sabihing broken—”

“Don’t worry, wala akong pinakialamang gamit mo r’on, Bienne,” sansala ng isang tinig mula sa pintuan.

Sabay silang napalingon ng ama. Natagpuan

ng mga mata niya ang lalaking paksa nila. Iyon ay walang iba kundi ang tall, proud at threateningly handsome na si Redge De Guia!

Hindi niya alam kung bakit may sumikdong kaba sa dibdib niya nang mapagmasdan ang kabuuan nito. He was still so attractive... she knew that even then. Iba ang dating nito kumpara kay Marrius na 'loud' ang kaguwapuhan. Redge's appeal was silent but lethal. Para bang may kung ano sa aura nito na nakakakuha ng atensyon, lalo na sa mga babae. Pero dahil nga mean ito sa kanya noon pa, walang nagawa ang pisikal na anyo nito o ang aura na iyon para mabago ang tingin niya rito. Basta ang alam niya, suplado ito, masungit, temperamental, in short, bad with a capital 'B'.

“Salamat naman kung ganoon,” matabang niyang sambit nang makabawi.

Nakita niyang ngumiti ito matapos siyang hagurin ng tingin. “So my cousin's delicate daisy has now turned into a beautiful thorny rose,” anito sa mahinang tinig.

Nagsalubong ang mga kilay niya sa tinuran nito. “Tagalugin mo nang marinig at maintindihan ni Tatay kung pinupuri mo ba ako o iniinsulto.”

“Bienne,” mababang saway sa kanya ng ama. Alam na niya ang ibig sabihin ng warning sa tingin nito: na hindi siya dapat sumasagot nang ganoon kay Redge.

Madalas na eksena iyon sa kanilang tatlo noon. Lagi na ay siya ang mali at ito ang sa tuwina ay kinakampihan ng kanyang ama.

“Excuse me.” Pinili niyang mag-walk out na lamang. “Aakyat na lang ako mamaya, Tay,” paalam niya sa ama at walang pakialam na nilampasan ang nakababatang lalaki.

Hindi niya inaasahang susundan siya nito. Mabibilis ang hakbang niya pababa, walang pakialam kung nakasunod ang binata. Tuluy-tuloy siya sa kuwadra. Pupunta siya sa kubo at ang paborito niyang kabayo ang pinakamabilis na paraan para makarating siya roon. Doon na lamang siya magpapahinga. Masarap ang hangin doon at tahimik na tahimik ang paligid. At wala ang lalaking ito roon!

“Saan ka pupunta, Bienne?” parang amang tanong ni Redge nang inilalabas na niya sa kuwadra si Queen, ang kanyang paboritong kabayo.

“Pakialam mo? Bakit, sasama ka?” asik niya. Siguro dahil nasanay na siyang masama ang trato

nito sa kanya kaya awtomatikong ganoon na rin ang ibinabalik niya rito.

“Kung sa kubo, sasama nga ako,” nakangising tugon nito. Napatitig siya rito. Ngayon siya naniniwala sa sinabi ng ama na masigla ito!

“Kubo ko ’yon!”

“It became mine when you left and—”

“No way!”

“Yes way.”

“That’s my sanctuary, Redge—”

“Well, mine too.”

Naningkit ang mga mata niya. Matalim ang tinging ipinukol niya rito. Sa huli ay nagdesisyon siyang layasan na lamang ito bago pa tumaas ang presyon niya.

Hindi niya ito gustong makasama sa kubo. Maaalala lamang niya ang pinaggagagawa nito sa kanya noon. “Fine. Pumunta ka!” Nanggigigil na ibinalik niya sa kuwadra ang hayop. Magkadikit na halos ang mga kilay niya nang humakbang siya pabalik sa kabahayan. Subalit bago pa niya nagawang basta na lamang lampasan ay nahagip na nito ang

bisig niya at mapuwersang pinigilan.

“Don’t I deserve a hug too, Bienne?” sabi ni Redge. “Niyakap mo ang lahat. Bakit ako hindi pa?”

“Ha?” Manghang nilingon niya ito. Para itong aparisyon sa paningin niya nang mga sandaling iyon.

“Yakapin mo ako.”

Nalaglag ang panga ni Bienne.

2

Masayang tinungo ni Bienne ang mansyon ng mga De Guia. Ipinapatawag daw kasi siya ni Marrius ayon sa kanyang ama.

Malayo pa ay kumakaway na ang lalaki sa kanya. “Hey, kid!”

Napangiwi si Bienne sa paggamit nito ng endearment. “Kid ka diyan, Kuya Marrius!” ingos niya.

Tumawa lamang ito. Nang makalapit ay ginulo ang buhok niya. “You’ll always be the kid I’ve known, sweetie.”

“Tse!” Tumawa ito at lalong ginulo ang buhok niya. “Kuya!” protesta niyang pinipilit ayusin ang nagulong buhok na para bang artista siya at makakaapekto sa image niya ang messy look. “Hindi na ako ang quince años mong sidekick, ano ka ba?”

Hindi maalis ang ngiting itinuon nito ang mata sa kalangitan. Sinundan ng paningin niya ang bahaging tinitingnan nito. “Naniniwala ka ba na nagkakatotoo ang wish, Bienne?”

Tumawa siya. Hindi siya naniniwala roon. Paano ba naman, gabi-gabi niyang hinihiling sa mga bituin na sana ay matanggap ang ipinasa niyang manuscript, pero ano? Rejected pa rin.

“Nag-wish ako noon sa bituin... at nagkatotoo,” ani Marrius. Nakita niyang matamis na ngiti ang gumuhit sa labi nito, para bang may magandang eksenang sumagi sa isip.

Napangiti rin siya. “Pamilyar ako sa ngiti mong ’yan, Kuya!” Siniko niya ito. “Eksena sa pagitan ninyo ni Ate Lizette ang naalala mo, ’no?”

Lalong lumuwang ang ngiti nito. “Maiintindihan mo lang ako kapag nagmahal ka na nang totoo, Bienne.”

“Ikaw kaya ang ideal man ko. Kaya hangga’t wala akong nakikitang katulad mo, hindi ako magmamahal at magpapakasal.”

Ang lakas ng tawa ni Marrius. “Balikan mo ako at sabihin iyan kapag na-in love ka na, kid.”

“Parang hindi ka naniniwala sa akin, ah!” Hinampas niya ito sa braso.

“Walang standards o yardstick ang pag-ibig, Bienne. You just fall—without any reason at all.”

“Hindi totoo ’yan!” salungat niyang tumatawa. “Sa mga nobela at pelikula lang masyadong ini-exaggerate ang tungkol diyan. Pero sa real life, basta’t mayaman at pogi, mahalina agad!” Sinundan niya iyon ng masiglang hagikgik.

“Now I know why you’ve got series of rejections!” tukso ni Marrius na pumawi sa ngiti niya. Bigla niyang naalala ang magsasampu na niyang rejected manuscripts. “Hindi ka naniniwala sa magic ng pag-ibig kaya hindi mo magawa nang tama ang mga nobela mo!” dagdag pa nito. “Romance isn’t about events, sweetie. It’s about feelings. Iyon ang madalas sabihin ni Lizette. Baka naman rejected ang mga istorya mo dahil kulang sa emosyon, parang... well, parang walang damdamin ang writer!”

“May damdamin ako, nakakainis ka!” singhal niya. Umalog-alog ang mga balikat nito sa pagtawa. “Zero na nga ang confidence level ko nagagawa mo pang magtawa, Kuya Marrius!”

Inakbayan siya nito at magaan niyakap. “Don’t lose hope, kid. Rejection is a part of life. Maging si Lizette naka-experience din niyan.” Mayamaya ay tumahimik ito na para bang may nakaagaw ng atensyon. “Have you seen, Redge?” tanong nito.

Hindi alam ni Bienne kung bakit bigla nitong

naisip ang pinsan sa gitna ng kuwentuhan nila. “Kanina. Mukha naman siyang okay, eh. Tingin ko nga nakatulong ’yung broken engagement para bumait siya sa akin. Akalain mong nag-demand ng yakap dahil siya lang daw ang hindi ko sinalubong ng yakap? Samantalang noon kung sigaw-sigawan niya ako para siyang si Hitler!”

“Redge is a good man, kid. Hindi lang kayo magkaintindihan. At ikaw, buo na sa isip mong hindi siya katulad ko na mabait sa ’yo. In other words, masama ang tingin mo sa kanya. And you didn’t give him a chance to prove otherwise. Iniwasan mo na siya at sa paminsan-minsan ninyong pagtatagpo nagka-clash pa kayo, paano ba naman kayong magkakasundo kung laging ganoon ang mangyayari?”

“Alam mong mabait ako, Kuya!” defensive niyang turan. “Ang pinsan mong iyon ang hari ng sungit! ”Tapos kinakampihan pa siya ni Tatay.” Ang totoo, si Redge ang pangunahing dahilan kung bakit ipinilit niya sa amang sa Maynila siya magkolehiyo. Nataon kasi noon na ang paglipad ng mag-asawang Marrius at Lizette patungong States ay ilang araw matapos ang high school graduation niya. At ayaw niyang manatili sa farm na wala ang Kuya Marrius niya. Wala siyang kakampi at kakulitan. Siguradong kasungitan lang ang mapapala niya kay Redge kaya bago pa siya

magka-wrinkles dahil sa lalaking iyon, kinumbinsi na niya ang ama na sa Maynila niya itutuloy ang pag-aaral.

Nagtagumpay siya. Pero heto ang resulta, kahit halos sa farm na siya nagdalaga, estranghero si Redge de Guia para sa kanya. At natitiyak niyang ganoon din siya rito.

“May ipapagawa ako sa ’yo, Bienne,” saad ni Marrius na pumutol sa iniisip niya.

Napabaling siya rito. “Magkano?” nakangisi niyang tanong. Iyon lagi ang sagot niya kahit noong dalagita pa lamang siya. Wala rin silang kasawa-sawa sa pagpupustahan noon.

“A brand new laptop.”

“Whoa!”

“Plus a digital camera.”

“Nakakainis ka! Bakit ba alam mo ang mga weaknesses ko?”

Tumawa na naman ito, dumikit sa kanya at bumulong, “Nakikita mo ba ang taong nasa terrace?” Sinundan niya ng tingin ang tinutukoy nito. “Siya ang assignment mo.”

“Si Redge?” bulalas niya; puno ng disgusto ang anyo.

“Make him happy...”

“Make him happy?” susog niya. “Masaya naman siya, ah! Ni hindi man nga yata naapektuhan nang hindi natuloy na engagement, eh!”

“He’s not okay, Bienne, believe me.”

“Oh?” Muli niyang ibinalik sa terrace ang mga mata. Nasa bahaging madilim si Redge at walang kakilus-kilos habang nakatutok ang tingin sa kawalan. “Kapag nakita ko na siyang totoong masaya, then bibigyan kita ng laptop at digicam.”

“Paano mo naman malalamang totoo na siyang masaya?”

“Trust me, malalaman ko.”

“Okay.”

“So, call?” hamon nito.

Ngumisi si Bienne. “Call!”

Nakangiting sinundan ng tanaw ni Bienne ang papalayong si Lizette. Katatapos lamang nilang mag-

usap. Binasa nito ang comments ng editors na kasama sa bawat returned manuscripts niya at nangako itong babasahin ang mga kuwento niya. Kakausapin daw siya nitong muli pagkatapos nitong mabasa lahat iyon. Magbibigay raw ito ng komento at pointers na maaari niyang gamitin. Nabuhayan siya ng loob. Nadagdagan kahit paano ang pag-asa niya.

Mula sa prenteng pagkakaupo sa garden table ay tumayo siya. Inilahad sa ere ang mga braso at dinamang dapyo ng hangin. Isang preskong umaga. Ipinikit niya ang mga mata. Napakasarap niyon sa pakiramdam...

Naalala niya ang usapan nila ni Marrius. Laptop at digicam? Nakangiting umikot-ikot siya sa hangin hanggang sa mapagod siya. Natigilan siya mayamaya. Paano nga pala niya gagawin ang nais nito?

Think, Bienne. Think!

Tumingala siya sa langit habang hinahagod ang batok. Kung ang pagbabasehan niya ay ang uri ng pagsalubong sa kanya ni Redge nang nakaraang araw, mukhang hindi siya mahihirapan sa assignment niya. Hindi na siya nito sinungitan at hindi na rin sobrang seryoso palagi. Isa sa maraming dahilan kung bakit nag-aatubili siyang lapitan ito.

Mabagsik ang expression sa mukha nito. Handsome yes, but the cruel type. Ang impresyon niya nga noong una niya itong nakita ay magagawa nitong patayin nang walang tunog ang anumang uri ng buhay na nasa kamay nito. Although like Marrius, he also possesses the De Guia's eyes, ibang-iba ang dating ni Redge sa huli. He was threatening at takot nga siya rito. Kaya napapaiyak na lamang siya kapag pinapagalitan siya nito noon.

“Bienne?” Napapitlag siya at wala sa sariling lumingon sa tumawag. Siguro dahil naglalakbay ang isip niya, hindi rumehistro sa kanya ang boses nito.

“Redge!” Hindi niya naikubli ang pagkagulat. Namilog pa ang mga mata niya.

Umarko naman ang mga kilay nito sa nakitang reaksiyon niya. “Aparisyon na ba ako sa paningin mo?”

“Ah...” Humagod sa kabuuan nito ang tingin niya. Hindi siya nagpapantasya, nasa likuran niya nga ang hari ng kasungitan. Nilapitan siya? Unti-unti siyang napangiti. Mukhang nakikiayon ang pagkakataon sa kanya. “H-hindi naman, dalawang paligo pa,” biro niya.

Rumehistro sa mukha nito ang pagtataka. Hindi niya alam kung dahil ba sa ngiti niya o dahil sa

magaan niyang pakikipag-usap dito ngayon.

Wala itong ideya na laptop at digicam ang nakikita niya sa mukha nito nang sandaling iyon.

“Mukhang maganda ang mood mo,” komento nito bago lumapit sa mesa kung saan naroon ang mga hiwang prutas na pinagsasaluhan nila ni Lizette. Nagsalin ito ng juice sa mga basong naroon na para sana sa asawa nito. Pero nagpunta na si Marrius sa dagat kasama ang dalawang anak, hindi na nakisalo sa kanila.

“Mahimbing kasi ang tulog ko.”

“Mabuti naman.” Sinaid nito ang laman ng pitcher. “Magkuwento ka, Bienne. Kumusta ka na?” mababang tanong nito na nagpaawang ng mga labi niya. Bumait na nga ba ang lalaking ito? “Nasa Manila ka lang, pero hindi na kita nakita mula nang nag-college ka. Tinataon mo kasi lagi ang pag-uwi mo sa farm kapag wala ako.”

Nahalata mo pala? “Hindi exciting ang events sa buhay ko, mababagot ka lang kaya huwag na,” aniyang nakangiti. “Kung gusto mo, ikaw na lang ang magkuwento, pakikinggan kita, promise!”

“Hindi exciting ang buhay ko, mababagot ka lang kaya huwag na,” ulit nito sa sinabi niya.

Natawa siya. “Pirated answer!” biro niya. “Mag-isip ka naman ng ibang sagot.”

Hindi ito umimik, bumuntong-hininga lamang tinitigan siya. May kutob siyang nabasa nito sa mga mata niya ang nasa loob niya nang mga sandaling iyon.

“Huwag kang maawa sa akin, Bienne.”

“Bakit ako maaawa sa 'yo?” kaagad niyang sabi bago pa man nito mapatunayang iyon nga ang nasa loob niya. Hindi niya papayagang isipin nitong kinaawaan niya ito. Daragdag lamang iyon sa miserable nitong pakiramdam. “Ang laki mo kayang tao at mas malakas ka pa sa kalabaw, ba't kita kaaawaan?”

Ngumiti ito nang walang buhay. “Alam mo ang tungkol sa engagement ko, tama?”

“Ah, 'yon ba? Alam ko nga. Pero sinabi nga nila, may dahilan raw ang bawat nangyayari sa buhay natin. Naniniwala ka d'on? Ako oo! 'Kala mo ba ikaw lang ang may pakiramdam na ganyan? Naku! Kung ako nga, sampung manuscripts—as in sampung rejected manuscripts! Ang sakit sa dibdib, ah. Iyong nangyari sa 'yo? Okay nga eh, ayaw mo n'on? Binata ka pa rin at thirty-five!” walang kurap niyang litanya.

“Thirty-one.”

“Thirty-one pala,” nakangising pagtatama niya. Sinadya niya talagang dagdagan ang edad nito. “Ayaw mo n’on? May chance ka pang mambababae! Collect and collect then, select the best. Kung wala ka namang mapiling best, select me na lang. I’m the best!” Magaan siyang tumawa para suportahan ang biro niya.

Napailing ito kahit nakangiti. Natuwa siya roon, na kahit paano ay naaalih niya ito.

“What’s with you?” tanong nito matapos siyang titigan.

“Ha?”

Tumiim ang tingin nito sa kanya. May kutob siyang naninibago ito sa uri ng pakikipag-usap niya rito. *Kailangan kasi, magawa ko ang assignment ko, Redge. Wala pa akong pambili ng laptop, eh. Pero kung may magagawa nga ako para maging masaya ka, gagawin ko basta huwag mo akong susungitan. Kahit wala na ang prizes ni Kuya Marrius, tutulungan pa rin kita kahit mainit ang dugo mo sa akin...*

Silence passed between them.

“Maglilibot ka ba sa farm ngayon?” basag niya

sa naging awkward na katahimikan.

Tumango ito. “Why?”

“Sino’ng sasakyan mo?”

“Si Bullet.”

Namilog ang mga mata niya. “Hindi nga?” di-makapaniwalang aniya. “Nagagawa mo nang sakyan ang stallion ni Kuya Marrius?” Tumango ito. “Puwedeng sumama?” Gustung-gusto niyang sumakay sa partikular na kabayong iyon noon. “Pupunta ako sa kubo,” excited na dugtong niya. Ngayon lang niya na-realize kung gaano niya na-miss ang farm.

At ikaw ang dahilan kaya ayokong umuwi rito. Nakakainis ka, Redge!

“Sige,” anito. “Sa kubo rin naman ako tutuloy pagkatapos kong maglibot.”

Lumuwang ang ngiti niya. *Great! Nakikisama ang pagkakataon. Ang laptop at digicam ko, Kuya Marrius, ihanda mo na!*

3

Ang inaasahan ni Bienne ay mabilis ang magiging paglalakbay nila ni Redge patungo sa kubo. Pero nagkamali siya, sa bagal ng paglalakad ni Bullet may kutob siyang mas mabilis pa siyang makakarating kung naglakad na lamang siya.

Okay sana kung nag-uusap sila ni Redge, ang kaso hindi. Tahimik na tahimik ito na pakiramdam niya ay nasa Afghanistan ang isip nito.

Niluwagan niya ang yapos sa baywang nito. Hindi siya nag-alangang yumakap dito kanina dahil sanay na sanay siyang gawin iyon sa Kuya Marrius niya. At wala namang ipinagkaiba ang tingin niya rito at sa nauna—maliban sa paborito niya ang mister ni Lizette.

“Ang tahimik mo, Redge,” hindi na nakatiis na komento niya. “Magsalita ka naman para hindi ako nababagot. Ang bagal-bagal pa natin,” walang gatol niyang reklamo.

Naramdaman niya ang pagbuntong-hininga nito. “Ano’ng gusto mong pag-usapan natin?” tanong nito.

“Paano ba yumaman?” aniya. Natawa ito. “Bakit

unfair ang life? Bakit—bakit cute ako?”

“Ang kulit mo,” natatawang sabi nito.

“Turn off ba ang babaeng makukulit?”

“Ahm...”

“Kaya pala lahat sila na-turn-off. Ang resulta, single ako ngayon.” Natawa siya muli.

“Wala kang boyfriend?”

“Wala akong makitang katulad ni Kuya Marrius, eh.”

“Si Marrius...” Pagkatapos ay hindi na ito umimik muli. Mayamaya ay, “Kumapit ka, Bienne.” At pinatakbo na nito nang mabilis si Bullet.

Nanariwa ang lahat ng alaala ng kabataan niya habang nangangabayo sila. She loved riding horses so much. Gaya ng pagsusulat, iyon ay isa sa mga paborito niyang ginagawa.

Nagtaka siya nang lumampas sila sa kubo at hindi pinatigil ni Redge ang hayop. Nagtuluy-tuloy ang takbo nila hanggang sa lumampas sila sa ilog. Bumagal lamang ang takbo ni Bullet nang malapit na sila sa talampas—doon sa katapat ng pinakamalalim na bahagi ng dagat sa ibaba.

Mayamaya, huminto na ang kabayo. Ilang metro na lamang ang layo nila sa talampas. Tanaw na tanaw ang walang hanggang karagatan. Umakma siyang bababa, pero pinigilan ni Redge ang bisig niya. Hindi niya alam kung bakit niya nahigit ang paghinga nang maramdaman niya ang palad nito sa bisig niya. May kung anong kuryente siyang naramdaman. Totoo pala iyon sa real life? Akala niya sa mga nobela lamang iyon nangyayari.

“No, huwag ka nang bumaba. Aalis rin tayo mayamaya,” sabi nito, ang mga mata ay nakatuon sa karagatan.

Binalot sila ng katahimikan. Tinamad na rin siyang magsalita dahil pakiramdam niya, napipilitan lamang itong sumagot.

Sa sobrang pagkabagot ay wala sa sariling humilig na lamang siya sa likod nito tulad ng madalas niyang gawin kapag angkas siya ni Marrius. Nakakaantok na kasi ang ihip ng hangin.

“Bienne?” tawag nito mayamaya.

“Ha?” Akmang aayos siya ng upo ngunit naudlot iyon nang magsalita itong muli.

“It’s okay, humilig ka lang sa likod ko.” Napakurap siya. Himala talagang hindi nagsusungit ang lalaking

ito! “Masama ba akong tao?” May kung ano sa tono nito na pumigil sa pagbanat niya sana ng sagot na ‘oo’.

“Masungit lang,” prangka niyang sagot. “At super serious lagi na parang kakain ng tao. Takot nga ako sa ’yo n’on, eh. Pero ngayon hindi na. One week kaya ako sa taekwondo class, isang sipa ka lang!” magaan niyang sagot kasunod ang tawa. Gusto niya lamang pagaanin ang usapan dahil ramdam niya ang bigat ng tono nito.

“Bienne, I’m serious.”

“Totoo naman ’yong sagot ko, ah!”

“Anong klase ng tao ba ako para sa ’yo?”

Nag-apuhap siya ng isasagot at sa huli ay naisipan niyang maging totoo na lang. “Ang totoo, Redge, hindi ko alam. A-ah, kasi hindi talaga kita kilala. Ang ibig kong sabihin, ang pagkakakilala ko sa ’yo, mababaw lang.”

“Do you trust me?”

Ano ba ang nasa isip ng lalaking ito at kung ano-ano ang tinatanong? “Oo naman.”

“Kung sabihin kong tatalon tayo sa bahaging ’yan ng dagat at dadalhin kita nang ligtas sa pampang,

magtitiwala ka sa salita ko?”

“Ay, ibang usapan na ’yan!” agap niyang turan. Umalis siya sa pagkakahilig sa likod nito. Itinuro niya ang dagat. “Ang lalim ng bahaging ’yan, ’no! Sa taas ng kinalalagyan natin dito, sa impact pa lang hindi na tayo mabubuhay pareho. Paano mo ako madadala nang ligtas sa pampang kung patay ka na?”

Narinig niya ang naaalih na tawa nito. “Gusto ko ang pagiging honest mo, Bienne.”

“Mabuti naman may nagustuhan ka sa akin, di tulad noon na napaka-*mean* mo sa akin,” hindi niya napigilang idugtong.

Hindi na ito umimik.

Sa tantiya ni Bienne ay magdadalawang oras ang lumipas bago nakabalik sa kubo si Redge. Nasa balkonahe siya noon, inuulit basahin ang ilan sa mga nobela ni Lizette. Gusto niyang ikumpara rito ang mga gawa niya nang sa ganoon ay magkaroon siya ng ideya kung saan siya nagkamali.

Mula sa binabasang libro ay lumipat ang tingin niya kay Redge. Itinali nito sa puno si Bullet. Nang magsimula itong maglakad patungo sa kanya ay

umawang ang mga labi niya, hindi dahil nakita niyang may kung ano itong bitbit kundi dahil sa anyo nito.

Gosh! Hindi ko alam na ganito kaganda ang katawan ng lalaking ito!

Matipuno ang katawan nito at malapad ang dibdib. Bumaba ang mga mata ni Bienne sa perfectly shaped nitong hita at binti na niyayakap ng denim jeans. Ipinilig niya ang ulo. Nagkakaganito lamang siya kapag tinititigan niya ang topless poster ni Brad Pitt. Bakit ba niya tinititigan ang masungit na ito?

Sinikap niyang ituloy ang pagbabasa, pero distracted na siya. Parang dumikit yata sa utak niya ang imahe ni Redge, ang magandang katawan pa rin nito ang nakikita niya sa mga letrang nasa libro.

Kaya nang nasa kubo na ito ay napalunok siya. Isusumpa niya ang sarili kapag nakahalata si Redge De Guia!

“Kain tayo, Bienne,” aya nito at naupo sa tabi niya, itinaas ang mga paa at sumandal. “Banana cue. Mainit pa, galing sa asawa ni Gardo. Pumapayat raw ako kaya binigay niya ’yan ng libre.” Ngumiti ito. Si Gardo ay isa sa mga loyal na trabahante ng farm. Inabot nito sa kanya ang isa sa dalawang supot. “Ito

naman, buko. Bigay ni Leni.”

Kung hindi siya nagkakamali, si Leni ay isa sa mga admirers nito, naikuwento iyon sa kanya ni Marrius. Kapag nasa farm raw si Redge ay kung anu-anong pagkain ang niluluto ng babae para ipadala sa binata. Anak din ito ng isang trabahador, nakapagtapos ng pag-aaral kaya may magandang trabaho sa bayan. Umuuwi ito tuwing weekends.

“Walang tubig rito kaya share na lang tayo sa buko,” sabi pa nito matapos niyang abutin ang banana cue.

Tiniklop niya ang libro saka kumain. “Masarap, ah,” komento niya nang makakagat sa saging. “Init!” Pinaypayan niya ang bibig. Hindi niya alam kung bakit napapangiti ito habang nakatitig sa kanya. Bigla tuloy siyang na-conscious. “B-bakit?” usisa niyang binagalan ang pagnguya.

Umiling lamang ito, hindi sumagot.

Nagkibit-balikat na lamang siya at itinuloy ang pagkain. “Sigurado ka bang walang gayuma ’yung buko? Baka ako ang tamaan, ma-in love ako kay Leni.”

“Bagay naman kayo,” ganting biro ni Redge.

Namimimilog ang mga matang nagprotesta siya. “Uy, ha? Ang sama ng joke mo! Hindi ako mukhang lalaki!”

“May sinabi ba ako?” susog nito. Inalis nito ang buko mula sa supot, binutasan iyon gamit ang dagger mula sa boots nito pagkatapos ay nilagyan ng straw at inabot sa kanya. “Si Leni ang mukhang lalaki.”

Nagkatawanan sila. “Sarap. O, uminom ka rin. Para sakaling may gayuma ’yan, dalawa tayong biktima!” Tumawa ito at inabot mula sa kanya ang buko. Itinuloy nito sa labi ang straw at sumipsip. Saka lamang siya natigilan.

They were sharing the same straw? Wasn’t that sweet?

Ipinilig niya ang ulo. Hindi niya dapat binibigyan ng kahulugan ang eksenang iyon.

“Ano’ng ginagawa mo?” usisa nito matapos ilapag ang buko. Naubos na nito ang sariling banana cue.

“Nagbabasa—oops, ’wag iyan!” agap niya nang akmang titingnan nito ang folder na kinalalagyan ng editor’s comments na inipon niya.

“Why?” takang tanong nito. Mayamaya ay ngumisi. Na-curious yata, nang malingat siya ay

naagaw nito ang folder. Kaagad siyang kumilos para bawiin iyon pero mabilis itong nakatayo at tumalon sa kinauupuan at itinaas ang kamay na may hawak sa folder.

“Redge!” Pareho na silang nakatayo sa ibabaw ng bench. Pinipilit niyang abutin ang folder. Pero dahil sa tangkad nito, kahit halos magkayakap na sila ay hindi niya pa rin nagawang abutin ang pakay.

Maluha-luha siya habang binabasa nito nang malakas ang matitinding komento ng mga editors. Sa huli ay hinampas na lamang niya ito nang malakas sa dibdib.

“*Hindi ko naramdaman na nag-iibigan ang mga bida. Hindi interesante ang nobela at kulang sa romance,*” malakas na basa nito. “Ouch!” bulalas nito na tila apektado pagkatapos ay tumawa. “Paano nga ba naman magkakaroon ng romance ang nobela mo kung wala kang boyfriend, Bienne?”

“Walang kinalaman ang boyfriend sa rejected manuscripts ko, nakakainis ka! Ibigay mo sa akin ’yan!” sigaw niya at muli niyang sinubukang agawin ang folder pero muli nitong inilayo iyon habang patuloy sa pagbabasa sa malakas na boses. “Redge!”

Hindi ito huminto sa pang-iinis sa kanya.

“Ang sama talaga ng ugali mo!” singhal niyang sumuko na. Naupo na lamang siya at tiningnan ito nang matalim. “Palibhasa wala kang ideya sa impact ng mga comments na ’yan sa akin!” singhal niyang namamasa na ang mga mata. Ang sama nito para ulit-ulitin pa sa kanya ang mga iyon na pakiramdam niya ay tumatagos sa mga buto niya. Bakit, alam ba ng lalaking ito kung ilang gabi siyang nagpuyat matapos lamang ang mga istoryang iyon na para sa kanya ay espesyal na yaman?

“Palibhasa hindi mo nararamdaman ang nararamdaman ko.” Hindi na napigilan ni Bienne ang pangngilid ng luha. Panira talaga ng mood ang De Guia Sungit na ito!

Natigilan si Redge at napawi ang ngiti nang makitang umiiyak na ang dalaga. May ilang sandali itong napatitig lamang sa kanya, tila hindi inaasahan ang outburst niyang iyon kaya walang masabi. Mayamaya ay tahimik itong bumaba sa upuan, marahang binitiwang ang folder.

“Ano?” asik niya at tinapunan ito ng matalim na tingin. “Pagtatawanan mo ako? Sige! Wala ka talagang damdamin!”

“Nagbibiro lang naman ako, Bienne,” nag-aalala ang tonong saad nito. “Hindi ko naman alam na...

hey, sorry na.” Lumapit ito at umupo sa tabi niya. “Huwag ka nang umiyak o,” samo nito.

Napabaling siya rito. Hindi niya inaasahan ang pagbabago nito ng tono. Nang magtama ang mga mata nila, wala na ni katiting na bakas doon ang panunukso nito kanina. Masuyo ang tingin nito.

“Ngayon, naaawa ka naman sa akin?” Akmang iirapan niya ito na naudlot dahil hinawakan nito ang baba niya. Bago pa siya nakahuma, nasa pisngi na niya ang palad nito at tinutuyo ang luha niya.

Naestatwa siya. Si Redge ang kahuli-hulihang taong maiisip niyang gagawa ng ganoon sa kanya.

“Ano’ng... ano’ng ginagawa mo?” wala sa sariling nausal niya at napalunok. His gentle touch felt good on her skin. Sa laki nitong tao, hindi niya inaasahang kaya nitong humaplos nang may pagsuyo.

“Tanutuyo ang luha mo,” kaswal nitong sagot, ang mga mata ay nakatuon sa mata niya. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang bumangong tensyon sa dibdib niya nang mga sandaling iyon.

Ilang sandaling naghinang lamang ang mga mata nila.

“Have you been kissed?”

Naitulak niya ito dahil sa tanong. Redge chuckled.

“B-bakit mo tinatanong?” Kaswal na umalis siya sa tabi nito. Iginala niya ang tingin sa paligid, naghanap siya ng taong maaari niyang hingan ng tulong sakaling may balak itong kung anong hindi maganda.

Nang muli niyang ibalik sa binata ang tingin ay nakita niyang tila anumang sandali ay matatawa ito. “Iniisip mo bang gagawan kita ng masama?”

“Ang sama mo kasing makatingin, eh!” katuwiran niya; nag-iinit ang mga pisngi. “Malay ko ba kung ano’ng iniisip mo. ’Tapos tatanong-tanong ka pa tungkol sa halik, malay ko r’on!” Natutop niya ang bibig nang mapagtanto ang sinabi. Para niya na ring inamin na virgin siya! Tuluyan na siyang pinamulahan ng mukha. Wala na siyang maisip sabihin.

“Hindi kita hahalikan kung ’yon ang iniisip mo,” sabi ni Redge mayamaya sa naaaliw na tono. “Tinatanong ko lang kasi romance writing ang pinapasok mo. Paano ka magiging effective kung kahit kiss wala kang experience?”

“Research!” agap niya.

He laughed. “Research? As in tatanungin mo ang mga taong na—”

“Libro!” sanlasa niyang muli. “Maraming libro. Or *Google*. Sinasabi naman sa mga ’yon kung ano’ng nararamdaman, eh!”

“Ano raw?”

“Ah, ano... eh, basta!” Iniwas niya ang tingin. *Nakakahiya na ito, Bienne, buking na buking ka na ng lalaking ’yan!*

“Kita mo na? Ang dapat kasi—”

“Teka, ano ba’ng pakialam mo? Hindi naman ikaw ang may sampung rejected manuscripts, ah! Isa pa, hindi lahat natutunan sa experience, ’no!”

Hindi ito umimik, saglit na tumanaw sa labas ng kubo. Siya naman ay binalikan ang buko at sunud-sunod ang ginawang pagsipsip sa straw.

“I’ll help you, Bienne,” pahayag nito sa seryosong tono. Nang lumingon ito ay itinaas niya lamang ang kilay at pinukol ito ng nagtatanong na tingin. “I can give you lessons.” Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. “Actual lessons on kissing.”

Naibuga niya ang sabaw ng bukong nasa bibig. Sunud-sunod siyang naubo.